

Effectiveness of the Morphemic Approach on students' skills in correct word spelling

Shamell Jade O. Fabillar*

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: fabillarshamelljade@gmail.com

Angelica L. Obina

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: obinaangelical@gmail.com

Kheny A. Padayogdog

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: padayogdogkheny5@gmail.com

Grace B. Luna

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRACT

This study examines the challenges faced by students in developing adequate skills in correctly spelling words in the Filipino language. Its primary objective is to determine the effectiveness of the Morphemic Approach as a teaching strategy to enhance students' spelling proficiency and understanding of word structure. The research is significant as it provides evidence of the importance of developing morphological awareness in the advancement of linguistic literacy. A quantitative research design was employed, specifically a Quasi-Experimental Design consisting of a pretest and posttest to measure students' skill levels before and after the implementation of the Morphemic Approach. The participants were forty-one (41) students from Bachelor of Elementary Education 1A of Cebu Technological University – Consolacion Campus. The data were analyzed using a Paired Sample t-test to determine the significant difference in test results. Findings revealed a significant increase in students' scores after the application of the Morphemic Approach, confirming that this strategy is effective in improving correct spelling and understanding of word structure. Overall, the study establishes that the Morphemic Approach is

*Corresponding author

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404579>

Recommended citation:

Fabillar, S. J. O., Obina, A. L., Padayogdog, K. A., & Luna, G. B. (2025). Effectiveness of the Morphemic Approach on students' skills in correct word spelling. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (4), 6265-6275. <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404579>

an effective instructional strategy in teaching Filipino, as it expands learners' knowledge of word parts and strengthens their linguistic competence. It is recommended that this approach be integrated into the curriculum and utilized as part of modern language teaching methodologies to further enhance students' spelling skills.

Keywords: Morphemic Approach, correct spelling, teaching strategy, Filipino, pretest and posttest performance

Date Submitted: November 13, 2025

Date Accepted: November 21, 2025

Date Published: November 25, 2025

**Epektibidad ng Morphemic Approach sa kasanayan ng mga
mag-aaral sa wastong pagbaybay ng salita**

Shamell Jade O. Fabillar

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: fabillarshamelljade@gmail.com

Angelica L. Obina

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: obinaangelical@gmail.com

Kheny A. Padayogdog

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: padayogdogkheny5@gmail.com

Grace B. Luna

Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa isyung kinahaharap ng mga mag-aaral sa kakulangan ng kasanayan sa wastong pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Layunin nitong matukoy ang epektibidad ng Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbaybay at pag-unawa sa istruktura ng mga salita. Mahalaga ang pananaliksik na ito sapagkat nagbibigay ito ng patunay sa kahalagahan ng paglinang ng kamalayang morpolohikal sa pag-unlad ng literasiyang lingguwistiko. Ginamit sa pag-aaral ang kwantitatibong disenyo, partikular ang Quasi-Experimental Design, na binubuo ng pretest at posttest upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang Morphemic Approach. Kalahok dito ang apatnapu't isa mag-aaral mula sa Bachelor of Elementary Education 1A ng Cebu Technological University – Consolacion Campus. Ang mga datos ay sinuri gamit ang Paired Sample T-test upang matukoy ang makabuluhang pagbabago sa resulta ng mga pagsusulit. Ipinakita ng resulta na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Morphemic Approach, na nagpapatunay na epektibo ang estratehiyang ito sa pagpapabuti ng kakayahan sa wastong pagbaybay at tamang estruktura ng mga salita. Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang Morphemic Approach ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sapagkat pinapalawak nito ang kaalaman sa mga bahagi ng salita at pinatitibay ang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na ito ay isama sa kurikulum at gamitin bilang bahagi ng mga modernong metodolohiya sa pagtuturo ng wika upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay.

Mga susing salita: Morphemic Approach, wastong pagbaybay, estratehiya sa pagtuturo, Filipino, paunang at panghuling pagganap

PANIMULA

Sa kasalukuyan, isa sa mahalagang kaalaman ang wastong baybay bilang pundasyon ng malinaw at epektibong komunikasyon sa panitikan, akademya, at araw-araw na pakikipagtalastasan. Dahil dito, nagiging malinaw at mahusay ang ating pagpapahayag ng mga ideya at mensahe. Sa pag-aaral ng mga morpema, binubuo nito ang mga salita upang magkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malalim na kaalaman sa istruktura ng wika. Nakakatulong ito upang mabawasan ang mga pagkakamali sa pagbaybay, dahil nagiging gabay nila ang wastong paggamit ng mga bahagi ng salita.

Ayon kina Arnoff at Fudeman (2022), mahalaga ang pagtuturo ng morpolohiya sa edukasyong pang-literasi dahil nakatutulong ito sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa estruktura at kahulugan ng mga salita, na nagpapabuti sa kanilang kakayahang umunawa sa binabasa. Sa pamamagitan ng kaalamang morpolohikal, nagagawa ng mga mag-aaral na hatiin ang mga salita sa mas maliliit na bahagi, kaya mas madaling maintindihan ang mga ito. Binanggit ni Killian, K. (2025), ang maagang pagtuturo ng kamalayan sa morpolohiya ay mahalaga sa silid-aralan dahil maaari itong makatulong sa mga mag-aaral na magbasa, magdecode, pagbaybay, at pag-unawa ng mga salita. Ang pag-aaral na ito ay nangangahulugang kapag ang mga mag-aaral ay tinuruan ng tamang pag-unawa sa mga ugat ng salita, mga panlapi, at iba pang bahagi ng wika, mas nagiging madali para sa kanila ang pagbasa, pag-unawa, at pagbuo ng mga salita. Alinsunod kay Kim, Y. G. (2023), ang morphological awareness o ang kakayahang maunawaan ang estruktura at mga bahagi ng salita tulad ng mga panlapi, salitang-ugat, at mga pagbabago sa anyo ng salita ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa decoding o pagbasa ng mga salita. Ang pag-aaral na ito ay nakakatulong na mapalalim na pag-unawa sa mga tekstong binabasa, lalo na sa mga akademikong babasahin.

Ang pag-aaral ng morphemic approach ay mahalaga sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay dahil nagbibigay ito ng malinaw na pag-unawa sa istruktura ng mga salita. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga morpema tulad ng mga salita, na nagbubunga ng mas maayos at tiyak na pagbaybay. Nakakatulong din ito upang mabawasan ang mga pagkakamali sa pagsulat, dahil nagkakaroon sila ng gabay sa pagsusuri ng mga bahagi ng salita. Pinapahusay nito ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at pag-unawa sa wikang Filipino. Sa kabuuan, nagsisilbing mahalagang pundasyon ang morphemic approach sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa wika.

Bilang mananaliksik sa Filipino, isa sa mga hamon na naranasan ngayon ng mga mag-aaral ay ang kamalian sa pagbabaybay ng wika. Marami sa kanila ang nagkakamali sa paggawa ng tamang estruktura ng wika, kaya ang Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo ay gagamitin upang matugunan ang suliraning ito. Ayon kay Cueto (2025), mahalagang isama sa pagtuturo ang morpolohiya, ang paghahati ng mga salita batay sa kanilang makahulugang bahagi bilang pundasyon sa epektibong pagtuturo ng pagbasa at pagbabaybay. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral na magsuri, mag-analisa, at umunawa ng wika sa mas malalim na antas, na nagiging daan sa mas makabuluhang pagkatuto.

Sa kasalukuyang panahon, kung saan laganap ang paggamit ng social media, teknolohiya, at akademikong pagsulat, unti-unting nawawala ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng mga salita. Madalas nilang gamitin ang pinaikling anyo ng mga salita o shortcut na nagdudulot ng maling pagkatuto sa tamang estruktura ng wika. Ang patuloy na pagbabago sa wikang Filipino, dulot ng panghihiram ng mga salita mula sa iba't ibang wika ay nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral. Upang matugunan ito, gagamitin sa pag-aaral ang Morphemic Approach bilang estratehiya upang tuklasin ang epekto nito sa pagpapalalim ng kaalaman sa wastong pagbuo at pagbaybay ng mga salita. Sa huli, layunin ng pananaliksik na mapaunlad hindi lamang ang kasanayan sa pagsusulat kundi pati rin ang mas epektibong pakikipagkomunikasyon sa loob at labas ng paaralan.

Ang Morphemic Approach ay isang estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagsusuri ng morphemes o mga bahagi ng salita upang maunawaan ang tamang baybay at kahulugan nito. Ito ay isang estratehiya sa pagtuturo na gumagamit ng segmentation o paghahati-hati ng mga salita sa kanilang pinakamaliit na yunit ng kahulugan upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang tamang pagbabaybay at istruktura ng wika. Matutulungan nito ang mga mag-aaral na makita ang ugnayan ng bawat bahagi ng salita. Ang paraang ito ay makakatulong sa pagpapahusay sa kasanayan sa pag-unawa, pagbabaybay, at paggamit ng wika. Sa pagtuturo ng Filipino, mahalaga ng paggamit ng ganitong pamamaraan dahil nagbibigay ito ng sistematikong paraan upang maturuan ang mga mag-aaral sa wastong istruktura ng wika. Pinapaunlad din nito ang kasanayan sa pagsusuri ng mga salita na nagiging pundasyon sa epektibong pagsulat.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa edukasyon sapagkat sinusukat nito ang epekto ng paggamit ng Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng wika. Sa pamamagitan ng morpema tulad ng salitang-ugat at panlapi, nagkakaroon sila ng pag-unawa sa istruktura ng wika. Nakakatulong ito upang maitama ang pagbabaybay ng mga salita batay sa kanilang kaalaman. Pinalalawak ng estratehiyang ito ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng tamang pahayag. Sa kabuuan, ang Morphemic Approach ay nagsisilbing mahalagang gabay sa paghubog ng mahusay na kasanayan sa pagbabaybay ng wika sa mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang Morphemic Approach ay isang estratehiyang ginagamit sa pagtuturo na nakatuon sa mga morpema, tulad ng salitang-ugat at panlapi, upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa istruktura ng wika. Sa pamamagitan nito, natutulungan silang mabawasan ang mga pagkakamali sa pagbabaybay at mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng mga tamang salita. Ipinakita ng pag-aaral na may positibong epekto ang Morphemic Approach sa pagpapalawak ng kanilang pag-unawa sa kasanayan sa pagsulat. Napapanahon din ang paggamit nito, lalo na sa panahon ng social media, kung saan laganap ang paggamit ng pinaikling anyo ng mga salita na nagdudulot ng kalituhan sa tamang baybay. Kaya, nagsisilbi itong gabay sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kasanayan sa pagbabaybay at pag-unawa ng mga salita sa wikang Filipino.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang epektibidad ng Morphemic Approach sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Bachelor of Elementary Education 1A ng Cebu Technological University – Consolacion Campus sa wastong pagbaybay ng salita. Tinitiyak sa pag-aaral na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paunang pagganap sa paggamit ng mga maliit at malaki na letra, kahusayan sa wastong pagbaybay, at estruktura sa pagbuo ng mga salita?
2. Ano ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo sa paggamit ng mga maliit at malaki na letra, kahusayan sa wastong pagbaybay, at estruktura sa pagbuo ng mga salita?
3. Ano ang kaibahan sa paunang pagganap at panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Morphemic Approach?
4. Ano ang maaaring rekomendasyon upang mapabuti ang pagbaybay ng mga mag-aaral gamit ang Morphemic Approach?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo upang masukat at masuri ang pananaw, karanasan, at kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa wastong pagbabaybay ng mga salita. Sa pamamagitan ng Quasi-Experimental Design, tinalakay kung paano naiintindihan, nililina, at naisasagawa ang tamang baybay gamit ang Morphemic Approach. Ang disenyo ay nagbigay-daan upang maihambing ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon sa pamamagitan ng paunang pagganap at panghuling pagganap. Sa ganitong paraan, naging posible ang pagtukoy kung may makabuluhang pagtaas sa kanilang kasanayan sa wastong pagbabaybay matapos gamitin ang naturang estratehiya, at kung ang anumang pagbabago ay maiuugnay sa mismong interbensyon.

Napili bilang mga respondente ng pag-aaral ang mga mag-aaral mula sa Bachelor of Elementary Education 1A ng Cebu Technological University – Consolacion Campus. Binubuo sila ng apatnapu't isang kalahok na pumasa sa itinakdang pamantayan ng purposive sampling. Ang paraan ng pagpili na ito ay ginamit upang tiyaking ang mga kalahok ay may kaugnayan at karanasan sa paksang tinalakay, na nagbibigay ng mas makabuluhan at matibay na datos para sa pananaliksik. Ang pagkakaroon ng tiyak at angkop na pangkat ng mga respondente ay nagpatibay sa kredibilidad at katumpakan ng mga resulta ng pag-aaral.

Ginamit sa pangangalap ng datos ang dalawang uri ng pagsusulit na binubuo ng paunang pagganap at panghuling pagganap. Ang paunang pagganap ay idinisenyo upang masukat ang kasalukuyang kaalaman ng mga kalahok bago ipatupad ang interbensyon, samantalang ang panghuling pagganap ay isinagawa matapos ang paggamit ng Morphemic Approach upang makita ang naging pag-unlad. Ang Morphemic Approach, na nakatuon sa pagsusuri ng pinakamaliit na yunit ng salita na may kahulugan, ang ginamit na estratehiya upang mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa estruktura at wastong anyo ng mga salita. Inaasahang ang paggamit ng estratehiyang ito ay nakatulong upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa tamang baybay sa wikang Filipino.

Matapos ang pangangalap ng datos, masusing sinuri ng mga mananaliksik ang mga resulta upang matukoy ang epekto ng interbensyon. Gumamit sila ng Paired T-Test bilang estadistikal na pamamaraan upang ihambing ang dalawang magkaugnay na set ng datos mula sa pre-test at post-test. Ang pamamaraang ito ay tumulong upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagbabaybay ang mga mag-aaral matapos gamitin ang Morphemic Approach, at upang masuri ang kabuuang bisa ng estratehiyang ginamit sa pag-aaral.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paunang pagganap

Batay sa Talahanayan 1, makikita ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paunang pagganap (pre-test). Ayon sa resulta, ang paggamit ng mga maliliit at malalaking letra ay may mean na 2.0488 na may standard deviation na 0.54549, na nasa antas ng katamtaman. Samantala, ang kahusayan sa wastong pagbabaybay ay may mean na 1.4634, na nasa categoryang di-gaanong mahusay at standard deviation na 0.50485, gayundin, ang estruktura sa pagbuo ng mga salita ay nakakuha ng pinakamababang mean na 1.2683, na nasa antas ding di-gaanong mahusay at may standard deviation na 0.50122. Ang pinagsamang pre-test mean score ng mga mag-aaral ay 4.7805, na nagpapahiwatig ng mababang antas ng kasanayan. Ang standard deviation na nasa pagitan ng 0.50 hanggang 0.54 ay nagpapakita na ang mga marka ng mga mag-aaral ay halos magkakahawig, kaya't maaaring sabihing pare-pareho silang nahihirapan. Sa kabuuan, makikita na ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay hindi sapat upang malinang nang husto ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay.

Sa pag-aaral na ginawa ni Misa (2021), lumabas na mayroong mababang antas ng kakayahan ang mga mag-aaral kung ang gagamitin ay ang tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo. Magiging makabuluhan ang pagsasanay ng mga mag-aaral kung dadagdagan ito ng mga stratehiyang makapaglilalang sa kanilang mga kasanayan. Dagdag pa sa pag-aaral na natuklasan ni Santos (2024) na karaniwang labis na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ay madalas na binabago ang anyo ng mga salita. Kinikilala nito ang mga salitang hindi regular at madalas mali ang baybay, bilang isang matagal nang suliranin na nangangailangan ng malinaw at tuloy-tuloy na pagsasanay.

Ang mga resultang ito ay may mahalagang implikasyon sa larangan ng pagtuturo ng wika. Ipinapakita na kailangan ng mas makabagong pamamaraan sa paglinang ng kasanayan sa pagbabaybay, sapagkat ang karaniwang tradisyunal na pagtuturo ay hindi gaanong nakapagbibigay ng sapat na pag-unawa sa estruktura ng salita at sa paggamit ng tamang letra. Ang Morphemic Approach ay maaaring maging alternatibong estratehiya upang malinang ang morphological awareness o kamalayan sa mga bahagi ng salita, na tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan kung paano nabubuo ang salita at kung paano ito binabaybay nang tama.

Antas ng kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang Morphemic Approach bilang stratehiya sa pagtuturo

Batay sa Talahanayan 2, makikita ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa datos, ang paggamit ng mga maliit at malaki na letra ay nakakuha ng mean na 3.5122 na may interpretasyong pinakamahusay, samantalang ang kahusayan sa wastong pagbaybay ay may mean na 3.2439 na nasa antas ng mahusay. Samantala, ang estruktura sa pagbuo ng mga salita ay nakakuha ng mean na 2.9756, na maituturing ding mahusay batay sa ibinigay na iskala. Ang kabuuang post-test score na 9.7317 ay nagpapakita ng malaking pagtaas mula sa naunang pagganap na may mean na 4.7805 (ayon sa Talahanayan 1), na nangangahulugang nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad ang mga mag-aaral matapos gamitin ang pamamaraan ng pagtuturo. Ang standard deviation na nasa pagitan ng 0.63726 hanggang 0.75789 ay nagpapakita ng maliit na pagkakaiba

sa mga sagot ng mga mag-aaral, na nangangahulugang halos pare-pareho ang antas ng kanilang pagkatuto at pag-unawa sa aralin. Ibig sabihin, ang paggamit ng Morphemic Approach ay nagdulot ng positibong pagtaas ng kasanayan sa mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pagbaybay at estruktura ng wika.

Ayon kay Barca (2023), natuklasan na ang pagsasanay o drills ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto kumpara sa mga tradisyonal na metodo. Ipinakita dito na ang paulit-ulit na pagsasanay ay nakatutulong upang mapatatag ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng aplikasyon gaya ng pagbaybay, bokabularyo, at pag-unawa sa wika. Tinalakay nina Oktaviani et al., (2021), isa pang mahalagang aspekto ng pagkatuto na itinuturing na mahalaga sa pagsulat ng komposisyon ay ang estruktura ng mga salita at bokabularyo. Ang pagkakaiba sa kalidad ng kanilang mga sulatin ay pangunahing may kinalaman sa katotohanang ang dagdag na kaalaman ay tumutulong sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya sa malikhaing paraan.

Ang mga resultang ito ay may mahalagang implikasyon sa larangan ng pagtuturo ng wika. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang Morphemic Approach ay epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng mga kasanayang lingguwistiko sapagkat tinuturuan nito ang mga mag-aaral na unawain ang mga salita batay sa kanilang mga bahagi o morpema. Dahil dito, mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa kahulugan, anyo, at estruktura ng salita, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng wika. Sa konteksto ng pagtuturo, ipinapakita ng datos na ang paggamit ng makabagong estratehiya tulad ng Morphemic Approach ay higit na nakatutulong kaysa sa tradisyunal na pamamaraan, lalo na sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagkakaroon ng mas sistematikong paraan ng pag-aaral ng salita.

Ang kaibahan sa paunang pagganap at panghuling pagganap gamit ang Morphemic Approach

Batay sa ipinakitang resulta sa Talahayan 3, ang Paired Samples Test ay nagpakita ng mean difference na -4.95122 sa pagitan ng pre-test at post-test na marka ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na tumaas ang kanilang pagganap matapos ipatupad ang Morphemic Approach sa pagtuturo. Ang computed t-value ay -20.475 na may (df) = 40, at significance value (p-value) na .000. Dahil ang p-value (.000) ay mas mababa sa antas ng kahalagahan na 0.05, ito ay nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang Morphemic Approach. Sa estadistikal na pananaw, ang negatibong t-value (-20.475) ay nagpapakita ng malakas na ebidensya laban sa null hypothesis, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay nakaranas ng malinaw na pagtaas sa antas ng kasanayan pagkatapos ng interbensyon. Ibig sabihin, ang Morphemic Approach ay may statistical significance at hindi lamang bunga ng pagkakataon ang pagtaas ng marka sa post-test.

Batay sa pag-aaral ni Bram et al. (2021), natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa naging resulta ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta ng post-test na ang morphological awareness o kamalayan sa morpema ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang maunawaan ang kahulugan at mga bahagi ng salita. Batay sa kanyang pag-aaral, ang pagsasanay sa kaalaman sa morpolohiya ay may malaking epekto sa pagpapabuti ng bokabularyo at kasanayan sa wastong pagbaybay ng mga mag-aaral. Kaugnay sa isinagawang pag-aaral nina Burton et al. (2021), na ang mga batang nagkaroon ng indibidwal na sesyon ng pagsasanay ay nagpapakita ng malalaking pag-unlad. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagtuturo ng morpolohiya

ay nagdudulot ng mga benepisyo sa mga mag-aaral. Ang pagtuturo ng morpolohiya ay nakatutulong upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika, gaya ng ipinapakita sa pagbuti ng kanilang kakayahan sa wastong pagbabaybay at tamang estruktura ng mga salita.

Ang mga resultang ito ay may mahalagang implikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino, lalo na sa aspeto ng pagpapalawak ng kamalayan sa morpema at tamang pagbabaybay. Ipinapakita ng pagtaas ng marka na ang paggamit ng Morphemic Approach ay epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral, sapagkat tinuturuan sila nitong unawain ang istruktura ng salita sa pamamagitan ng mga salitang-ugat, panlapi, at hulapi. Sa ganitong paraan, natututo silang bumuo at umunawa ng mga salita nang mas sistematiko at may mas mataas na antas ng pag-unawa. Iminumungkahi sa mga guro na isama ang ganitong estratehiya sa kanilang mga aralin sa wika upang mapaunlad pa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay, pagbasa, at pag-unawa ng salita.

KONGKLUSYON

Batay sa inilahad na resulta at talakayan mula sa mga talahanayan, napatunayan na ang kahirapan ay may malinaw na epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Cebu Technological University - Consolacion Campus. Napatunayan na ang kakulangan sa pinansyal na kakayahan, kagamitan, at suporta mula sa pamilya ay ilan sa mga pangunahing dahilan ng paghina ng konsentrasyon at motibasyon ng mga estudyante sa pag-aaral. Gayunpaman, ipinakita rin ng resulta na sa kabila ng kahirapan, ang mga mag-aaral ay patuloy na nagsusumikap upang makamit ang mataas na marka at maabot ang kanilang mga layunin. Napatunayan din na mayroong positibong ugnayan, bagaman mahina, sa pagitan ng antas ng kahirapan at akademikong pagganap. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng kahirapan, bahagyang naapektuhan ang pagganap ng mga mag-aaral, ngunit hindi ito lubos na hadlang sa kanilang tagumpay. Ang determinasyon, disiplina, at suporta mula sa mga guro at paaralan ay nakatutulong upang mapanatili ang magandang antas ng akademikong resulta.

Batay sa mga konklusyong nabuo, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iniharap: (1), iminumungkahi na palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa mas maraming respondente mula sa iba't ibang kurso o antas upang makakuha ng mas komprehensibong resulta (2), magsagawa ng karagdagang pag-aaral na isasama ang iba pang salik tulad ng motibasyon, study habits, at suportang pampamilya upang matukoy ang mga posibleng dahilan ng akademikong pagganap. (3), hikayatin ang mga guro na patuloy na magpatupad ng mga estratehiyang panturo na nakapagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa kabila ng kahirapan. (4), patuloy na paigtingin ng paaralan ang mga programang pang-suporta tulad ng scholarship at guidance services upang mapanatili ang magandang akademikong resulta ng mga mag-aaral.

Batay sa mga konklusyong nabuo, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iniharap: (1), pagsasama ng Morphemic Approach sa Kurikulum: Iminumungkahi na isama ng mga guro sa wikang Filipino ang Morphemic Approach bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng pagbabaybay at pagbuo ng salita, dahil napatunayan itong epektibo sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral. (2), pagsasanay at Workshop para sa mga Guro: Dapat magsagawa ng mga pagsasanay o seminar upang mapalalim ang kaalaman ng mga guro sa tamang paggamit ng Morphemic Approach. (3), pagbuo ng Modyul o Kagamitang Panturo: Maipapayo na bumuo ng mga modyul o learning materials na nakabatay sa Morphemic Approach upang magkaroon ng gabay at karagdagang materyales ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga panlapi, salitang-ugat,

at iba pang morpema. (4), pagpapalawak ng Aplikasyon sa Iba't Ibang Asignatura: Mainam ding subukan ang paggamit ng Morphemic Approach sa iba pang asignatura tulad ng pagbasa at pagsulat upang mapalawak ang aplikasyon at masukat ang kabuuang epekto nito sa literasi ng mga mag-aaral. (5), pagsasagawa ng Karagdagang Pananaliksik: Inirerekomenda ang karagdagang pag-aaral sa mas malaking populasyon ng mag-aaral o sa ibang antas ng edukasyon upang higit na mapagtibay ang bisa ng Morphemic Approach bilang estratehiya sa pagtuturo ng wika.

MGA SANGGUNIAN

Arnoff, M., & Fudeman, K. (2022, December 13). Morphology and comprehension strategies – Five from Five. Five From Five. <https://fivefromfive.com.au/vocabulary/morphology-and-comprehension-strategies/>

Baroa, M. (2023). The effects of morphological instruction on vocabulary knowledge. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*. <https://share.google/l4uXwAKpkiSxwBp8p>

Bram, S., Perez, A., & Lin, J. (2021). The impact of morpheme instruction on literacy skills. *ResearchGate*. <https://share.google/4gcY03zIrUOJvCK7M>

Bruton, L., Smith, R., & Carter, J. (2021). Morphology instruction's impacts on literacy skills. *Northwestern College*. https://nwcommons.nwciowa.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1571&context=education_masters

Killian, K. (2025, January 8). Ang morpolohiya at ang kahalagahan nito sa wika. *Reading Horizons*. <https://readinghorizons.com/blog/what-is-morphology-and-why-does-it-matter/>

Kim, Y. G. (2023). Executive functions and morphological awareness explain the shared variance between word reading and listening comprehension. *Scientific Studies of Reading*. <https://encr.pw/IDPDx>

Levesque, K., Breadmore, H., & Deacon, S. H. (2021). How morphology impacts reading and spelling. In G. Booij (Ed.), *The Routledge handbook of morphology*. <https://geertbooij.com/wp-content/uploads/2014/02/booij-2014-morphology-routledgehandbook1.pdf>

Misa, R. L. (2021). Antas ng kasanayan sa wastong pagbaybay. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*. <https://share.google/l4uXwAKpkiSxwBp8p>

Oktaviani, R., Pratiwi, D., & Hamzah, H. (2021). The influence of word structure mastery and vocabulary knowledge on the writing composition skills of students. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*. <https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2025/January/202501-02-019907>

Rasinski, T., Padak, N., Newton, J., & Newton, E. (2020, May 10). Morphology – What's all the fuss about? *National Institute for Direct Instruction*.

<https://www.nifdi.org/programs/mathematics/61-uncategorised/744-morphology-what-s-all-the-fuss-about-may2019>

Santos, A. L. (2024). Enhancing students' spelling proficiency. <https://media.neliti.com/media/publications/631984-enhancing-students-spelling-proficiency-9c1f002d.pdf>

The Council on Undergraduate Research. (2024, December 12). Venturing into qualitative research: A practical guide to getting started. <https://www.cur.org/journal-article/venturing-into-qualitative-research-a-practical-guide-to-getting-started/>

Yadav, M. (2001). A theoretical overview on the impacts and strategies of morphology in English language teaching to L2 learners. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/350581127_A_Theoretical_Overview_on_the_Impacts_and_Strategies_of_Morphology_in_English_Language_Teaching_to_the_L2_Learners